
8

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan - Modyul 2: 3P's Umiiral sa Pamilya



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 2: 3P's Umiiral sa Pamilya**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Ruth D. Cempron, Rashiel Joy F. Lepaopao |
| **Editor:** | Emelinda L. Raza, Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagasuri:** | Elizabeth Ysulan, Michael C. Paso, Mark Lorenz C. Luib, Rebecca T. Montante, Ricardo M. Apat, Judith E. Ecoben, Jezzine F. Salar, Megie M. Lillo, Jhon Rey C. Clarion |
| **Tagaguhit:** | Alim V. Eviota, Mark Lorenz C. Luib, Merlinda W. Malimit, Jay S. Mateo, Adonis P. Umipig, Jubell C. Cababat, Gilbert H. Japay |
| **Tagalapat:** | Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagapamahala:** | Francis Cesar B. Bringas<br>Isidro M. Biol Jr.<br>Maripaz F. Magno<br>Josephine Chonie M. Obseňares<br>Lope C. Papeleras<br>Michael C. Paso<br>Juan Jr. L. Espina |

**Inilimbag sa:**

**Department of Education - Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600
Telefax No.: (085) 342-5969
Email Address: caraga@deped.gov.ph

# 8

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 2: 3P's Umiiral sa Pamilya

# Paunang Salita

Para sa Tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao 8** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 2 para sa **3P's Umiiral sa Pamilya!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pang-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa Mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao 8** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 2 para sa **3P's Umiiral sa Pamilya!**

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | | |
|---|---|---|
|  | ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
|  | ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
|  | ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
|  | ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
|  | ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
|  | ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |

| | |
|---|---|
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



## *Alamin*


"Ang pamilyang kumakain at nagdarasal nang sabay-sabay ay nagsasama at nabubuhay nang matiwasay."

Isa ito sa katangian ng pamilyang Pilipino na naghahatid ng positibong impluwensya hindi lamang sa pamilya maging sa bawat kasapi nito. Bago kumain, nag-aalay ng dasal ang pamilya sa mga biyayang natatanggap sa araw-araw. Sa hapagkainan, nagkakaroon ang bawat pamilya ng oras upang mapag-usapan ang iba't ibang karanasan sa buong araw na nag-uudyok upang magkaroon ng bukas na komunikasyon ang bawat isa. Dito rin nabibigyang pagkakataon na matalakay ang mga usaping pampamilya at naiisipang mabuti ang maaaring solusyon batay sa pagpapasyang nabuo ng pagmamahal at paggalang sa pagpapasya.

Ito ay nagpapakita ng respeto at paggalang sa bawat miyembro ng pamilya. Sa pangkalahatan sa tahanan, itinuturo at matutunan kung paano magpakita ng pagmamahal, pagtutulungan at mahubog ang pananampalataya batay sa kung ano ang nararanasan, ipinakita o naobserbahan sa bawat kasapi.

Sa modyul na ito, matutulungan kang masagot ang mga katanungan sa iyong isipan tungkol sa pamilya. Malilinang din ang kasanayang pampagkatuto na:

a. Nasusuri ang pag-iral ng pagmamahalan, pagtutulungan at pananampalataya sa isang pamilyang nakasama, naobserbahan o napanood. (EsP8PB-Ia-1.2)



## *Subukin*

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Nasira ang bahay ng kapitbahay nina Janna noong nagdaang bagyong Shina. Sila ay pinatira muna nila Janna sa kanilang bahay dahil naawa ito sa kanila. Anong kaugalian ang umuiiral kay Janna?
   A. ang pagkamatulungin ni Janna
   B. naging mapagkumbaba siya sa iba
   C. pagpapakita ng malasakit sa kapuwa
   D. pagiging mabait sa mga nangangailangan

2. Nagkasakit ang asawa ni Rina, wala silang trabaho kaya pansamantala silang pinatira sa bahay ng kaniyang byanan upang maipagamot ang kaniyang asawa. Aling katangian ang ipinakita ng kaniyang byanan?
   A. madasalin
   B. matulungin
   C. mapagkunwari
   D. mapagkumbaba

3. Bakit kailangang pairalin ang pagmamahalan at pagtutulungan ng isang pamilya?  Upang;
   A. Maging matatag ang pamilya.
   B. Maayos ang pagtrato sa bawat isa.
   C. Mapanatili ang respeto sa isa't isa.
   D. Magkakaroon ng matiwasay na pagsasama ang pamilya.

4. Tuwing Linggo hindi lumiliban ang pamilyang Malabanan sa pagsisimba. Anong kaugalian ang umiiral sa pamilyang Malabanan?
   A. walang kaguluhan sa pamilya
   B. nanatiling masunurin ang pamilya
   C. umiiral ang pagmamahalan sa pamilya
   D. may matatatag na pananampalataya ang pamilya

5. Ang mag-asawang Lorna at Lino ay matagal nang gustong magkaroon ng anak. Pumunta sila sa lugar ng Obando, Bulacan upang manalangin, sumayaw sa harap ng simbahan sa paniniwalang diringgin ang kanilang panalangin. Ano ang gustong iparating ng karanasan ni Lorna at Lino?
   A. milagrong maituturing
   B. may matatag na paniniwala
   C. pagnanais nilang magkaroon ng anak
   D. pagbibigay halaga sa pananampalataya

6. Tumutulong si Myrna sa kaniyang ina sa pagbabantay ng kanilang tindahan pagkatapos ng kaniyang klase. Anong katangian ang umiiral kay Myrna?
   A. pagtanaw ng utang na loob sa ina
   B. pagpapakita ng pagkamatulungin
   C. pagiging maalalahanin sa kaniyang ina
   D. resulta ng pagmamahal niya sa kaniyang ina

7. Lumaki si Lucas na hindi niya parating nakasama ang kaniyang mga magulang dahil sa trabaho nila. Ang lagi niyang kasama ay ang kaniyang Lola. Halos ito na ang nagpalaki sa kaniya, kaya gagawin niya ang lahat para sa kaniya. Anong katangian ang ipinapakita ni Lucas sa kaniyang Lola?
   A. naaawa siya sa kaniyang lola.
   B. pagpapakita ng pagkamatulungin
   C. labis na pagmamahal para sa kaniyang lola
   D. sinusuklian niya ng kabutihan ang ginawa ng lola

8. Nakasanayan ni Melba na tuwing pasko ay may handog siyang laruan sa mga batang mahihirap. Anong damdamin ang pinapairal ni Linda tuwing pasko?
   A. mapagbibigay sa mga bata
   B. matulungin lalo na sa mga bata
   C. ibinabalik lamang niya ang biyaya sa iba
   D. labis na pagmamahal sa mga mahihirap na bata

9. Ang baryo Pag-asa ay isang liblib at malayong lugar. Kaya laking tuwa ng mga taga roon nang may dumating na doktor na libre ang panggagamot. Anong katangian ang pinapairal ng doktor?
   A. matulungin sa kapuwa
   B. isang mabait na doktor
   C. may malasakit sa mga nangangailangan
   D. umiiral ang pagmamahal sa baryo Pag-asa

10. "Mas diringgin ng Panginoon kung marami ang nagdarasal sa isang pamilya kaysa nag-iisa." Anong kaugalian ang ipinapahiwatig ng kasabihan?
    A. nakagawian na sa pamilya
    B. sama-samang nagdarasal ang mag-anak
    C. binigyan ng halaga ang pananampalataya
    D. masidhing pananampalataya sa Panginoon

11. Ang kumain nang sabay-sabay ay isa sa mga tradisyon nating mga Pilipino. Ano ang magandang dulot ng kaugaliang ito?
    A. respeto sa pamilya
    B. pagiging buo ng pamilya
    C. pagpapahalaga sa kaugalian
    D. nagpapatibay ng samahan ng pamilya

12. Sa mga pagsubok o suliranin na kinakaharap ng bawat pamilya, hindi nawawala ang paghingi ng tulong sa Panginoon sa pamamagitan ng panalangin. Bakit kailangang pairalin ang pagiging madasalin ng pamilyang Pilipino? Upang;
    A. malampasan ang lahat ng suliranin
    B. mapagtibay ang samahan ng pamilya.
    C. mas tumatag ang ugnayan sa Panginoon.
    D. hindi madaling sumuko sa anumang pagsubok.

13. Tuwing kaarawan ng anak ni Gng. Yabut sila ay naghahanda ng pagkain hindi lamang sa kanilang mahahalagang bisita kundi maging sa kanilang mga kapitbahay tanda ng kanilang pasasalamat. Anong kaugalian ang ipinapakita ng pamilyang Yabut?
    A. mababait ang pamilya Yabut
    B. umiiral sa kanila ang pagkamatulungin
    C. may pantay-pantay na pakikitungo sa kapuwa
    D. likas talaga sa kanila ang pagbibigay sa kapuwa

14. Bakit umiiral sa pamilya ang pagmamahalan, pagtutulungan at pananampalataya? Dahil;
    A. may bukas na komunikasyon ang pamilya
    B. may respeto ang bawat miyembro ng pamilya
    C. may pagpapahalaga ang bawat isa sa pamilya
    D. pantay-pantay ang pakikitungo nila sa isa't isa

15. Si Ana ay likas na matulungin sa kaniyang mga magulang pinagsasabay nito ang pag-aaral at pagtitinda ng mga kakanin sa paaralan. Anong birtud ang ipinamamalas ni Ana?
    A. pagtulong
    B. pagmamahal
    C. pakipagkapuwa
    D. pananampalataya

| Aralin 1 | Pag-iral ng Pagmamahalan, Pagtutulungan, at Pananampalataya sa Pamilya |
|---|---|

*"Ang pamilyang nagkakaisa ay palaging masaya habang ang pamilyang may gusot ay lagi na lang malungkot."*

*-Anonymous*

Ngayon, may inihanda akong gawain hinggil sa nakaraang modyul bilang tanda na may lubos kang pagkatuto. Alam kong kayang-kaya mo ito kaibigan! Ngayon pa lang binabati na kita.



## *Balikan*

**Gawain 1: Kahon ng Impluwensya**

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang aral o kilos na may positibong impluwensiya sa sarili na inilalarawan ng bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| paggalang | pagtulong | matapat |
| maalalahanin | matatag | masayahin |

1. Nagmamano sa mga nakatatanda ang mga anak ni Ben.
2. Hinuhugasan ni Jie ang mga pinagkainan bago pumasok sa paaralan.
3. Isinasauli ni Jade ang sukli sa kaniyang nanay tuwing napag-uutusang mamalingke.
4. Kahit maraming problemang naranasan ng pamilya sinisikap pa rin ng mag-asawang paaralin ang mga anak.
5. Hindi nakalilimot si Job na magbigay ng birthday card sa sinumang may kaarawan sa pamilya.




***Mga Tala para sa Guro***

Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing nasa ***Balikan*** ay hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain. Kung hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.

## *Tuklasin*

**Gawain 2: Katangi-tanging Larawan!**

Suriin ang mga larawan at pagnilayan ang mga gabay na tanong.












**Gabay na tanong:**

1. Ano-ano ang ginagawa ng pamilya sa mga larawan?
2. Anong klase ng pamilya ang ipinapakita sa larawan?
3. Nasasalamin mo ba ang iyong sariling pamilya sa larawan?



# *Suriin*

Nagtutulungang pamilya, nagmamahalan, sama-samang nanampalataya rin ba ang iyong naobserbahan sa mga larawan? Tama ka!

Ang pagmamahalan, pagtutulungan at pananampalataya ay mga birtud na dapat taglayin at papairalin ng mga kasapi ng isang pamilya. Kung ang mga nabanggit ay naranasan sa isang pamilya, magdadala ito ng positibong impluwensiya sa sarili na makatutulong upang mas mapaunlad pa ang tao at maibahagi niya rin ito sa kapuwa. Ngunit paano nga ba masasabing umiiral ang pagmamahalan, pagtutulungan at matibay na pananampalataya sa isang pamilya?

Malawak ang saklaw ng salitang pamilya. Hindi lamang ito tumutukoy sa pamilyang nakagisnan at nakasama. Itinuturing din natin na pamilya ang mga kaibigang nagbibigay halaga at sumusuporta sa anumang aspeto ng ating pagkatao.

Walang sukatan ang pagmamahal sa pamilya. Nagkakabangayan at hindi nagkakaintindihan dahil sa magkaibang pananaw at prinsipyo ng mga kasapi, sa bandang huli ang pamilya ay mananatiling pamilya.

Sa katangi-tanging ugnayan ng bawat isa, napapanatili pa rin ang kaayusan at pagmamahal sa pagpapairal ng sumusunod:

- **Pagrespeto**
  Naipapakita ang pagrespeto hindi lamang sa salita maging sa kilos. Ang pagmamano at pagsasabi ng po at opo kung nakikipag-usap sa mga nakatatanda ay isang halimbawa ng kilos na nagpapakita ng paggalang. Naipapakita rin ang pagrespeto sa pamamagitan ng paggalang sa desisyon o kagustuhan ng bawat kasapi.

- **Pagsuporta**
  Kaakibat ng pagmamahal ay ang pagbibigay at pagpapakita ng suporta sa mga kasapi ng pamilya. Maaaring sa hilig o interes, desisyon at kanilang plano sa buhay. Magiging masaya ang tao kung nararamdaman nito ang suporta mula sa mga mahal sa buhay.

Napakahiwaga ng salitang pagmamahal dahil kung napapanatili at umiiral ito sa tahanan, nagiging buo, may malasakit at pagmamahalan ang bawat pamilya.

Pinapairal din sa pamilya ang pagtutulungan sa anumang gawain. Sa totoong buhay, bawat kasapi ay may tungkulin na ginagampanan sa loob ng tahanan. Kung minsan naman ay nakaatang sa nakatatanda ang mga mabibigat na responsibilidad habang ang mga simpleng gawain ay inaasa sa mga nakababatang kapatid. Maraming paraan upang mapairal ang pagtulong gaya ng sumusunod:

- **Bayanihan sa gawaing bahay**
  Kung mapapansin, nakatalaga ang mga gawain sa bawat kasapi sa tahanan. Ang pagluluto ay maaring ginagawa ni ate habang ang paghugas ng pinggan ay ginagawa ni bunso.

- **Pagsasakripisyo**
  Napabilang itong isa sa pinakamataas na uri ng pagtulong sapagkat nagpapaubaya ang isang kasapi para sa ikabubuti ng pamilya. Halimbawa, kung minsan ay isinasakripisyo ng magulang ang pansariling pangangailangan upang matugunan ang pangangailangan ng anak sa pag-aaral.


Ang Pilipinas ay kilala bilang isa sa mga bansang maraming umusbong na relihiyon. Anumang uri ng relihiyon tayo napabilang ang mahalaga may Panginoon tayong kinikilala at sinasamba.

Ang tahanan ay unang paaralan. Kung kaya, bata pa lamang ay itinuro na ng mga magulang ang mga bagay na kailangang matutunan upang maihanda ang anak sa pagpasok sa paaralan. Itinuro din sa mga anak ang iba't ibang paraan ng paghubog sa pananampalataya. Halimbawa, ang pag-aalay at pagsambit ng panalangin ay walang pinipiling oras, lugar at panahon, ang mahalaga ay bukal sa kalooban ng tao ang pakikipag-usap sa Panginoon.

Kapansin-pansin din na ang pamilyang malapit sa tahanan ng Panginoon ay may matiwasay at maligayang pakikitungo sa bawat kasapi. Pinaniniwalaan ding sa pagiging malapit sa salita ng Panginoon ay nakahuhubog sa mabuting katangian at asal ng bawat kasapi ng pamilya. Maraming paraan at gawi ang ginagawa ng isang pamilya upang mapairal at mahubog ang pananampalataya tulad ng:

- Pagpapahinga sa araw ng pagsamba sa Panginoon
- Pag-aalay ng panalangin bago at pagkatapos kumain
- Pakikiisa sa pagbabahagi ng salita ng Panginoon sa tahanan
- Pagpapasalamat sa Panginoon
- Sama-samang pagsasagawa ng devotional prayer araw-araw
- Pagtuturo sa mga anak sa pagsangguni sa Panginoon ng kanilang mga plano at desisyon sa pamamagitan ng panalangin

Kung pagbabatayan natin ang pamumuhay sa realidad, bawat tahanan ay may iba-ibang paraan ng pamamahala ng pamilya na nakabatay din sa kung paano at ano ang kanilang kinaugalian at kinamulatang pamilya. Maaaring may iba't ibang paraan ng pagpapairal ng pagmamahalan, pagtutulungan at pananampalataya ngunit ang lahat ay may iisang tunguhin—ito ay ang mapalago, mapatatag, makadulot ng positibong impluwensya at mapaunlad ang pamilya sa loob ng isang tahanan sa kabila ng mga hamon sa buhay.



# *Pagyamanin*

## Gawain 3. Hula Salita

Suriin ang mga pangungusap upang mabuo ang salitang naglalarawan sa mga birtud na umiiral sa isang pamilya mula sa pinaghalong letra. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Kinikilala sa Asya na ang mga Pilipino ay isa sa mga lahing may mataimtim at matatag na pananalig sa Panginoon.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| N | I | L | A | S | A | D | A | M |

2. Anumang pagsubok ay kayang lagpasan kung ang pamilya ay hawak-kamay itong haharapin.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| T | I | P | A | K | - | G | I | S | I | B |

3. Tuwing humaharap sa isang sakuna ang bansa, umiiral ang pagtutulungan. Nag-aabot ng tulong at donasyon ang pamilya at iba't ibang ahensiya upang masolusyunan ang problema.

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| G | A | P | N | A | H | I | N | A | Y | B | A | B | A |

4. Nakagagalit at kung minsan ay gumuguho ang mundo natin kung nasasaktan tayo ng mga taong mahalaga sa atin, ngunit sa kabila ng sakit ay pinipili natin na magpatawad at bigyan sila ng ikalawang pagkakataon.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| L | A | H | A | M | M | A | G | P | A |

5. Sinasabing ang isang tahanan ay matatag kung likas sa bawat kasapi ng pamilya ang pananalangin, pagsangguni, pagpapasalamat sa Panginoon.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | Y | T | A | N | A | M | A | N | P | A | A | P | L | A |

## Gawain 4: Kasabihan, Mauugnay Ko!

Suriin ang mga kasabihan at ilahad ang iyong pananaw kung ano ang kahinatnan sa pagpapairal ng pagmamahalan, pagtutulungan at pananampalataya sa isang pamilya. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. *"Hindi mo malalaman ang tunay na diwa ng pag-ibig kung hindi mo ito nakita sa iyong pamilya."*

   Ano ang epekto sa sarili kung umiiral ang pagmamahalan sa pamilya?

2. *"Ang pamilyang nagkakaisa ay palaging masaya."*

   Magbigay ng halimbawang karanasang na obserbahan na magpapatunay na umiiral ang kaligayahan.

3. *"Anuman ang tibay ng piling abaka, wala ring lakas kapag nag-iisa."*

   Paano masasabing umiiral ang pagtutulungan sa pamilya?

4. *"Ang magulang ay hindi makatitiis sa anak, nakatitiis ang anak sa magulang."*

   Magbigay ng halimbawang karanasan o sitwasyon na nagpapakita kung paano ipinakita ang labis na pagmamahal ng magulang sa anak.

5. *"Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa."*

   Magbigay ng halimbawang karanasan na may pananalig sa Panginoon at pagsisikap ang isang pamilyang naobserbahan.

## Gawain 5: Sitwasyon Ko, Repleksyon Mo!

Suriin kung umiiral ang pagmamahalan, pagtutulungan at pananampalataya sa sitwasyon. Sagutin ang mga tanong at isulat ito sa sagutang papel.

Sa baryo Mayabong nakatira ang pamilyang Fuentes. Mayroon silang limang anak sina Nato, Nestor, Linda, Nelia at Aida. Isang *market vendor* ang ama at simpleng maybahay ang ina. Habang lumalaki ang kanilang anak, ramdam na rin nila ang problemang pinansyal. Napalago nila ang munting manukan sa tulong ng mga anak na lalaki habang nagtitinda ng kakanin ang mga dalaga. Kapos man sa pera ay napag-aaral nila sa kolehiyo ang mga anak sa tulong din ng nakababatang kapatid ni Mang Erman na si Julia dahil wala pa itong anak kaya medyo nakaluluwag pa sa buhay. Siya ang umako sa pagpapaaral sa tatlong anak ng kaniyang kuya. Sa pagsisikap, nakapagtapos ang panganay na si Nato na siya namang nagpapaaral sa mga kapatid. Hindi sila nagpatalo sa mga pagsubok sa buhay. Naging lakas ng kanilang pamilya ang pananalangin sa Panginoon. Hindi nakakaligtaan ng mag-anak na magsimba. Malaki naman ang pasasalamat ng magkakapatid sa kaniyang Tiya Julia na itinuturing nilang pangalawang ina. Tunay ngang walang makapapantay sa pagmamahal, pagtutulungan at pananampalataya ng isang pamilya.

Mga tanong:

1. Anong kilos ng tauhan sa sitwasyon ang nagpairal ng pagmamahalan sa pamilya? Patunayan.
2. Paano pinairal sa sitwasyon ang pagtutulungan sa pamilya?
3. Ano-ano ang mga naging hakbang upang mahubog ang pananampalataya sa pamilya?

## Isaisip

**Gawain 6: DUGTUNGAN MO**

Dugtungan ang pahayag upang mabuo ang kaisipan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Kung papairalin ang pagmamahalan sa aming pamilya, magkakaroon ng ____________.

2. Mahalagang mahubog ang pananampalataya sa Panginoon sa aming tahanan upang ____________.

3. Mapapairal ang pagtutulungan at pakikiisa sa aming pamilya sa pamamagitan ng __________________.



# *Isagawa*

**Gawain 7: I-KONEK MO**

Suriin ang kilos ng mga kasapi ng iyong pamilya at alamin kung umiiral ang pagmamahalan, pagtutulungan at pananampalataya. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Umiiral na Katangian ng Pamilya | Pangyayari sa aming pamilya na nagpamalas sa mga katangian |
|---|---|
| • Nagmamahalan | |
| • Nagtutulungan | |
| • Nanampalataya | |

**Rubrik sa mga katangiang umiiral sa pamilya**

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (8 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (5)** |
|---|---|---|---|
| Umiiral na katangian sa pamilya | Nakalahad ng tatlong karanasan naglalarawan sa pag-iral ng pagmamahalan, pagtutulungan at paghubog ng pananampalataya. | Nakalahad ng dalawang karanasan naglalarawan sa pag-iral ng pagmamahalan, pagtutulungan at paghubog ng pananampalataya. | Nakalahad ng dalawang karanasan naglalarawan sa pag-iral ng pagmamahalan, pagtutulungan at paghubog ng pananampalataya. |
| Paglalahad ng karanasan | Naisalaysay ang mga pangyayari sa 3 karanasan. | Naisalaysay ang mga pangyayari sa 2 karanasan. | Naisalaysay ang mga pangyayari sa 1 karanasan. |
| Kabuoang Puntos | | | |



# *Tayahin*

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Ang kumain nang sabay-sabay ay isa sa mga tradisyon nating mga Pilipino. Ano ang magandang dulot ng kaugaliang ito?
   A. respeto sa pamilya
   B. pagiging buo ng pamilya
   C. pagpapahalaga sa kaugalian
   D. nagpapatibay ng samahan ng pamilya

2. Nagkasakit ang asawa ni Rina, wala silang trabaho kaya pansamantala silang pinatira sa bahay ng kaniyang byanan upang maipagamot ang kaniyang asawa. Aling katangian ang ipinakita ng kaniyang byanan?
   A. madasalin
   B. matulungin
   C. mapagkunwari
   D. mapagkumbaba

3. Tuwing kaarawan ng anak ni Gng. Yabut sila ay naghahanda ng pagkain hindi lamang sa kanilang mahahalagang bisita kundi maging sa kanilang mga kapitbahay tanda ng kanilang pasasalamat. Anong kaugalian ang ipinapakita ng pamilyang Yabut?
   A. mababait ang pamilya Yabut
   B. umiiral sa kanila ang pagkamatulungin
   C. may pantay-pantay na pakikitungo sa kapuwa
   D. likas talaga sa kanila ang pagbibigay sa kapuwa

4. Bakit umiiral sa pamilya ang pagmamahalan, pagtutulungan at pananampalataya? Dahil;
   A. may bukas na komunikasyon ang pamilya
   B. may respeto ang bawat miyembro ng pamilya
   C. may pagpapahalaga ang bawat isa sa pamilya
   D. pantay-pantay ang pakikitungo nila sa isa't isa

5. Si Ana ay likas na matulungin sa kaniyang mga magulang pinagsasabay nito ang pag-aaral at pagtitinda ng mga kakanin sa paaralan. Anong birtud ang ipinamamalas ni Ana?
   A. pagtulong
   B. pagmamahal
   C. pakipagkapuwa
   D. pananampalataya

6. Tumutulong si Myrna sa kaniyang ina sa pagbabantay ng kanilang tindahan pagkatapos ng kaniyang klase. Anong katangian ang umiiral kay Myrna?
   A. pagtanaw ng utang na loob sa ina
   B. pagpapakita ng pagkamatulungin
   C. pagiging maalalahanin sa kaniyang ina
   D. resulta ng pagmamahal niya sa kaniyang ina

7. Lumaki si Lucas na hindi niya parating nakasama ang kaniyang mga magulang dahil sa trabaho nila. Ang lagi niyang kasama ay ang kaniyang Lola. Halos ito na ang nagpalaki sa kaniya, kaya gagawin niya ang lahat para sa kaniya. Anong katangian ang ipinapakita ni Lucas sa kaniyang Lola?
   A. naaawa siya sa kaniyang lola.
   B. pagpapakita ng pagkamatulungin
   C. labis na pagmamahal para sa kaniyang lola
   D. sinusuklian niya ng kabutihan ang ginawa ng lola

8. Nakasanayan ni Melba na tuwing pasko ay may handog siyang laruan sa mga batang mahihirap. Anong damdamin ang pinapairal ni Linda tuwing pasko?
   A. mapagbibigay sa mga bata
   B. matulungin lalo na sa mga bata
   C. ibinabalik lamang niya ang biyaya sa iba
   D. labis na pagmamahal sa mga mahihirap na bata

9. Ang baryo Pag-asa ay isang liblib at malayong lugar. Kaya laking tuwa ng mga taga roon nang may dumating na doktor na libre ang panggagamot. Anong katangian ang pinapairal ng doktor?
   A. matulungin sa kapuwa
   B. isang mabait na doktor
   C. may malasakit sa mga nangangailangan
   D. umiiral ang pagmamahal sa baryo Pag-asa

10. "Mas diringgin ng Panginoon kung marami ang nagdarasal sa isang pamilya kaysa nag-iisa." Anong kaugalian ang ipinapahiwatig ng kasabihan?
   A. nakagawian na sa pamilya
   B. sama-samang nagdarasal ang mag-anak
   C. binigyan ng halaga ang pananampalataya
   D. masidhing pananampalataya sa Panginoon

11. Nasira ang bahay ng kapitbahay nina Janna noong nagdaang bagyong Shina. Sila ay pinatira muna nila Janna sa kanilang bahay dahil naawa ito sa kanila. Anong kaugalian ang umuiiral kay Janna?
    A. ang pagkamatulungin ni Janna
    B. naging mapagkumbaba siya sa iba
    C. pagpapakita ng malasakit sa kapuwa
    D. pagiging mabait sa mga nangangailangan

12. Nagkasakit ang asawa ni Rina dahil wala silang trabaho ay pansamantala silang nakitira sa kaniyang biyenan upang maipagamot ang kaniyang asawa. Alin sa sumusunod ang nagtulak kay Rina na tumira sa kaniyang biyenan?
    A. magbuhay mayaman
    B. para makaiwas sa gastusin
    C. magkaroon ng maayos na tirahan
    D. gustong maipagamot ang kaniyang asawa

13. Bakit kailangang pairalin ang pagmamahalan at pagtutulungan ng isang pamilya? Upang;
    A. Maging matatag ang pamilya.
    B. Maayos ang pagtrato sa bawat isa.
    C. Mapanatili ang respeto sa isa’t isa.
    D. Magkakaroon ng matiwasay na pagsasama ang pamilya.

14. Tuwing Linggo hindi lumiliban ang pamilyang Malabanan sa pagsisimba. Anong kaugalian ang umiiral sa pamilyang Malabanan?
    A. walang kaguluhan sa pamilya
    B. nanatiling masunurin ang pamilya
    C. umiiral ang pagmamahalan sa pamilya
    D. may matatatag na pananampalataya ang pamilya

15. Ang mag-asawang Lorna at Lino ay matagal nang gustong magkaroon ng anak. Pumunta sila sa lugar ng Obando, Bulacan upang manalangin, sumayaw sa harap ng simbahan sa paniniwalang diringgin ang kanilang panalangin. Ano ang gustong iparating ng karanasan ni Lorna at Lino?
    A. milagrong maituturing
    B. may matatag na paniniwala
    C. pagnanais nilang magkaroon ng anak
    D. pagbibigay halaga sa pananampalataya

## *Karagdagang Gawain*

**Gawain 8: Kung Ako Ikaw!**

Sumulat ng talatang naglalahad kung paano mo papairalin ang pagmamahalan, pagtutulungan at paghubog ng pananampalataya sa pamilya sa sitwasyong binasa. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Sitwasyon:

Nawalan ng kulay ang tahanan ng pamilyang Marsi nang mamatay sa isang aksidente ang bunsong anak matapos itong mahagip ng sasakyan habang tumatawid nang magbakasyon sila sa Maynila. Naisugod pa sa ospital ang bata ngunit binawian din ito ng buhay. Labis na sinisi ng mag-asawa ang kanilang sarili sa nangyaring aksidente. Nahirapang bumangon si Marie sa trahedyang naranasan kung kaya napabayaan nito ang asawa at panganay na anak. Naging madalang ang pagsimba ng pamilya at nagkaroon ng sariling mundo ang kanilang anak na unti-unti ring kinakalimutan ang pangyayari upang makapagsimulang muli.

**Rubrik sa pagsulat ng talata**

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (8 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (5)** |
|---|---|---|---|
| Nailahad na solusyon | Nakalahad ng 3 solusyon kung paano mapairal ang pagmamahalan, pagtutulungan at paghubog ng pananampalataya sa sitwasyon. | Nakalahad ng 2 solusyon kung paano mapairal ang pagmamahalan, pagtutulungan at paghubog ng pananampalataya sa sitwasyon. | Nakalahad ng 1 solusyon kung paano mapairal ang pagmamahalan, pagtutulungan at paghubog ng pananampalataya sa sitwasyon. |
| Kaparaanan sa solusyong nailahad | Nakalahad ng 5 kaparaanan kung paano mapairal ang pagmamahalan, pagtutulungan at paghubog ng pananampalataya sa sitwasyon. | Nakalahad ng 3 kaparaanan kung paano mapairal ang pagmamahalan, pagtutulungan at paghubog ng pananampalataya sa sitwasyon. | Nakalahad ng 2 kaparaanan kung paano mapairal ang pagmamahalan, pagtutulungan at paghubog ng pananampalataya sa sitwasyon. |
| Kabuoang Puntos | | | |

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. C
2. D
3. D
4. D
5. B
6. B
7. C
8. A
9. C
10. D
11. B
12. A
13. C
14. C
15. A

**Balikan**

1. Paggalang
2. Pagtulong
3. Matapat
4. Matatag
5. Maalalahanin

**Pagyamanin**

**Gawain 3**

1.madasalin
2.kapit-bisig
3.pagbabayanihan
4.pagmamahal
5.pananampalataya

**Pagyamanin**

**Gawain 4**

1.maligaya at matiwasay ang pamumuhay
2.pamilya na masayang namamasyal sa plaza
3.bawat kasapi ay may gawain sa bahay
4.pagbili sa pangangailangan ng anak bago ang kanilang gusto
5.pagsisikap sa buhay at lagging pagsisimba ng pamilya

**Gawain 5**

1.pagturing kay Julia bilang isang ina
2.ang lalaking anak ay namahala sa manukan at ang dalaga ay nagtinda ng kakanin
3.pagsisimba at pagdarasal sa Panginoon

**Isaisip**

**Gawain 6**

1.katiwasayan at kasiyahan
2.maging matatag ang pamilya
3.pagseryoso sa responsibilidad/Gawain ng bawat kasapi

**Tayahin**

1. B
2. A
3. C
4. C
5. A
6. B
7. C
8. A
9. C
10. D
11. C
12. D
13. D
14. D
15. B

# *Sanggunian*


**Aklat**

Bognot, Regina et.Al. 2014. *Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa mag-aaral.* 5th Floor Mabini Building. Meralco Avenue, Pasig City.

**Hanguang Elektroniko**

Dean, Mary Elizabeth. 2020. *Advice,Love, Family What it is, What it looks like and how to make it happen.*

n.d. *www.google.com.* Accessed May 27, 2020. https://www.google.com/amp/s/mgabayani.ph/salawikain-kasabihan/%3famp.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph